NANCY BARGMANN
*DIREKTOR*

Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao
**Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad**
**(Department of Developmental Services)**
1215 O Street, Sacramento, CA 95814
www.dds.ca.gov

GAVIN NEWSOM
*GOBERNADOR*

Nobyembre 17, 2023

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: PAGPOPONDO PARA SUPORTAHAN ANG PAGPAPATUPAD NG SELF-DETERMINATION PROGRAM

Alinsunod sa Welfare and Institutions (W&I) Code seksyon 4685.8(f), naglaan ng mga pondo sa mga regional center upang suportahan ang pagpapatupad ng Self-Determination Program (SDP) para sa taon ng pananalapi sa 2023-24. Layunin ng sulat na ito ang magbigay ng patnubay sa paggamit ng mga pondong ito, kabilang ang kinakailangang pakikipagtulungan sa mga lokal na volunteer advisory committee (LVAC) sa pagtukoy ng mga lokal na priyoridad para sa pagpopondo.

Tinutukoy sa seksyon 4685.8(f) ng W&I Code na ang mga pondong ito ay gagamitin upang lubos na magkaroon ng kakayahan ang mga kalahok sa SDP na ayusin ang sarili nilang buhay at matiyak na matagumpay na maipapatupad ng kagawaran at ng mga regional center ang programa. Higit pang inaatas ng batas na dapat bigyang priyoridad ng Department of Developmental Services (DDS) ang paggamit ng mga pondo, habang nakikipagsangguni sa mga grupong nakatuon sa pakikilahok ng komunidad, kabilang ang pambuong estado na self-determination advisory workgroup, upang matugunan ang pangangailangan ng mga kalahok, dagdagan ang access sa serbisyo at katarungan, at bawasan ang mga pagkakaiba, at upang ipatupad ang programa, kabilang ang mga gastos na nauugnay sa lahat ng sumusunod:

- Ang pag-recruit at pagsasanay ng mga provider at independiyenteng tagapangasiwa ng pagpaplanong nakasentro sa tao at mga Self-Directed (SD) Support na nakatuon sa pagpapataas ng dami ng mga provider na nakakapagsalita ng dalawang wika at may dalawang kultura;
- Magkasamang pagsasanay para sa mga kalahok, pamilya, regional center, miyembro ng LVAC at iba pa, na nakatuon sa pagsasanay ng mga tagapagtaguyod ng sarili at mga pamilya mula sa iba't ibang komunidad na hindi gaanong nabibigyan ng representasyon sa SDP;
- Tulong sa pagbuo ng plano ng paggasta; at,
- Mga grupo/workshop para sa pagtutulungan upang pagyamanin ang patuloy at magkatulad na mga oportunidad sa pag-aaral at paglutas ng problema.

Magkakaloob ang DDS ng hiwalay na pagpopondo sa Statewide Self-Determination Advisory Committee, na may pangunahing tungkulin sa pagbibigay ng payo at patnubay sa matagumpay na pagpapatupad ng SDP.

May mahalagang papel na ginagampanan ang mga LVAC sa pagpapatupad at pangangasiwa ng SDP. Samakatuwid, ang mga regional center at LVAC ay dapat magtulungan sa pagbibigay priyoridad sa paggamit ng mga makukuhang pondo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga kalahok sa kanilang lokal na lugar. Maaari lamang gastusin ang mga pondo pagkatapos magkaroon ng kasunduan tungkol sa mga lokal na pangangailangan. Tingnan ang Kalakip A para sa higit pang impormasyon sa mga potensyal na paggamit ng pondo, halaga ng pondong maaaring gamitin sa bawat lugar ng regional center para sa taon ng pananalapi 2023-24, at ang mga iminumungkahing hakbang upang mapagpasyahan ang paggamit ng mga pondo.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa sulat na ito, makipag-ugnay sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

*Pinirmahan ang orihinal ni*

VICKI L. SMITH, Ph.D.
Deputy Director
Policy and Program Development Division

Kalakip

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Brian Winfield, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Ernie Cruz, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Suzy Requarth, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Kathleen Dempsey, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad

## Kalakip A

### Pagpopondo upang Suportahan ang Pagpapatupad ng Self-Determination Program (SDP)

Tulad ng binanggit sa sulat na kasama ng kalakip, alinsunod sa Welfare and Institutions Code 4685.8(f), mayroong pagpopondo upang suportahan ang pagpapatupad ng SDP. Inilalarawan sa ibaba ang potensyal na mga paggamit ng mga pondong ito, ang proseso para gawin ang pagpapasyang ito at ang paggamit ng mga pondo at pag-uulat ng regional center.

| Hakbang | Paglalarawan |
|---|---|
| **Mga Priyoridad para sa Paggamit ng Pondo** | Kasama sa mga priyoridad para sa pagpopondo ang:<br>• ***Pag-recruit/Pagsasanay ng mga Provider at Independiyenteng Tagapangasiwa ng Pagpaplanong Nakasentro sa Tao at SD Support*** – Mga Gastusin na nauugnay sa pagpapataas ng bilang ng maaaring mga provider at independiyenteng tagapangasiwa ng pagpaplanong nakasentro sa tao at SD Support, na nakatuon sa mga taong bi-/multi-lingual at bi-/multi-cultural. Maaaring kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, pag-recruit, pagbuo at/o pagkakaloob ng pagsasanay, pagsasaling-wika/interpreter, mga gastusing nauugnay sa pagkakaloob ng pagsasanay, atbp.<br>• ***Mga Collaborative na Grupo/Workshop*** – Ongoing at/o pana-panahong pagpupulong para sa mga kalahok at pamilya, provider, atbp., upang magbigay ng mga pagkakataong matuto at maglutas ng problema. Maaaring kasama sa mga gastusin ang, ngunit hindi limitado sa, mga gastusin sa pagbiyahe ng mga speaker/tagapresenta, pagsasaling-wika/interpreter, mga materyales, gastusin para sa lugar ng pagpupulong, atbp. Maaaring kasama rito ang pakikipag-ugnayan sa mga LVAC/kalahok sa iba pang lugar upang mapataas ang saklaw ng mga oportunidad sa pag-aaral/pagbabahagi ng impormasyon.<br>• ***Magkasamang Pagsasanay*** – Pagsasanay para sa mga kalahok, pamilya, mga kawani ng regional center at mga miyembro ng mga lokal na volunteer advisory committee, atbp., na nakatuon sa pagsasanay para sa mga tagapagtaguyod ng sarili at mga miyembro ng pamilya mula sa iba't ibang komunidad na hindi gaanong napaglilingkuran sa self-determination program. Dapat nakatuon ang mga magkakasamang pagsasanay sa mga magkatulad na oportunidad sa pag-aaral na nagpapataas ng kolektibong pag-unawa ng lahat ng kasangkot sa SDP. Maaaring kasama sa mga gastusin ang, ngunit hindi limitado sa, pagbuo at/o pagkakaloob ng pagsasanay, pagsasaling-wika/interpreter, mga gastusing nauugnay sa pagkakaloob ng pagsasanay, atbp.<br>• ***Suporta/Pagtuturo para sa Paglipat sa SDP*** – Suporta para sa mga kalahok sa paglipat sa SDP. Maaaring kabilang dito ang suporta sa mga aspetong tulad ng pagpapasya kung aling modelo ng serbisyo sa pamamahala ng pananalapi ang pinakaangkop para sa kalahok, mga mungkahi para sa pag-recruit, pag-hire ng mga empleyado, paano magtaguyod ng mga |

| | |
|---|---|
| | backup na plano sa paglalaan at pagtatalaga ng mga tauhan, atbp.<br>• ***Pagbuo ng Paunang Plano ng Paggasta*** – Suporta sa pagbuo ng paggamit ng kalahok sa kanilang indibidwal na budget sa pamamagitan ng kanilang plano ng paggasta, na maaaring kinabibilangan ng pagkonsulta sa isang serbisyo sa pamamahala ng pananalapi.<br>• ***Mga Karagdagang Natukoy na Pangangailangan*** – Mga item/aktibidad na susuporta sa mga pangangailangan ng mga kalahok at pagpapatupad ng programa. |
| **Tukuyin Kung Paano Dapat Gamitin ang mga Pondo** | Dapat magkasamang suriin ng LVAC at ng regional center ang mga lokal na pangangailangan sa pagpapatupad ng SDP upang matukoy ang pinakamainam na paggamit ng mga maaaring pondo. Batay sa magkasamang pagsusuri na ito, dapat bumuo ng listahan ng mga priyoridad (sa itaas) na popondohan, kasama ang tinatayang halagang gagamitin para sa bawat aspetong napili. Hindi kinakailangan sa puntong ito ang isang detalyado at itemized na pagtatantya para sa bawat tinukoy na aspeto. Gayunpaman, ang pagtalakay sa ilan sa mga detalyadong gastusing ito ay maaaring makatulong na magbigay-alam sa pagtatantya.<br><br>Sa sandaling magkasundo sa paggamit ng pondo, dapat magkasamang iulat ng LVAC at ng regional center ang sumusunod sa sdp@dds.ca.gov:<br><br>• Listahan ng mga priyoridad sa pagpopondo;<br>• Ang mga tinatayang halaga ng pagpopondo na nakalaan sa bawat priyoridad; at<br>• Maikling paglalarawan ng kung paano isinasagawa ang mga desisyon.<br><br>Maaaring patuloy na magsagawa ng mga pagbabago dahil nagbabago ang mga pangangailangan ng mga kalahok. Gayunpaman, ang paggamit ng mga pondo ay dapat na magpatuloy na manatiling nakahanay sa kautusan at sa patnubay na ito, at ang mga desisyon tungkol sa anumang mga pagbabago ay dapat na gawin nang magkasama ng LVAC at regional center. |
| **Daloy ng mga Pondo** | Ang mga halaga ng pagpopondo na tinukoy sa sumusunod na pahina ay inilaan sa bawat regional center. Tulad ng naunang binanggit, ang mga desisyon sa paggamit ng mga pondong ito ay dapat na isagawa nang magkasama ng LVAC at ng regional center. Pagkatapos, ire-reimburse ng mga regional center ang mga indibidwal/organisasyon para sa pagkakaloob ng mga serbisyo. |
| **Pagsusubaybay** | Dapat makakumpleto ang mga regional center ng status report para sa bawat kasalukuyang proyekto sa loob ng bukas na taon ng pananalapi (FY 2021-22 at FY 2022-23) pagsapit ng Enero 31, 2024. Ang patuloy na pag-uulat ay dapat na makumpleto nang isang beses kada anim na buwan para sa bawat proyekto sa isang bukas na taon ng pananalapi. Ang naturang mga ulat ay nakatakdang isumite sa loob ng 30 araw |

## Kalakip A

| | |
|---|---|
| | kasunod ng petsa ng pagtatapos ng anim na buwan na panahon ng pag-uulat. Magpapadala ang Kagawaran ng mga paalala kung kailan dapat isumite ang mga ulat, at ang link sa platform para sa pag-uulat ay ipapadala sa mga regional center sa pamamagitan ng email sa loob ng dalawang linggo matapos matanggap ang patnubay na ito. |

Ang batayang pagpopondo ay pantay na inilaan sa mga regional center na ang natitirang mga pondo ay inilaan batay sa bahagi ng mga aktibong konsumidor (status 2) na hindi puti sa bawat regional center.

**Pagpopondo ng Suporta sa Kalahok sa SDP - Taon ng Pananalapi 2023/2024 ***

| **Regional Center** | **Batayang Pagpopondo** | **Bahagi ng Pagpopondo ng mga aktibong Konsumidor na kinikilala ang sarili bilang hindi puti**** | **Maaaring Gamiting Pondo** |
|---|---:|---:|---:|
| **ACRC** | $47,620 | $60,664.74 | $108,284.74 |
| **CVRC** | $47,620 | $68,868.43 | $116,488.43 |
| **ELARC** | $47,620 | $44,737.94 | $92,357.94 |
| **FDLRC** | $47,620 | $29,371.16 | $76,991.16 |
| **FNRC** | $47,620 | $9,148.19 | $56,768.19 |
| **GGRC** | $47,620 | $24,941.25 | $72,561.25 |
| **HRC** | $47,620 | $50,496.83 | $98,116.83 |
| **IRC** | $47,620 | $121,734.85 | $169,354.85 |
| **KRC** | $47,620 | $31,907.91 | $79,527.91 |
| **NBRC** | $47,620 | $20,239.69 | $67,859.69 |
| **NLACRC** | $47,620 | $82,492.51 | $130,112.51 |
| **RCEB** | $47,620 | $65,520.92 | $113,140.92 |
| **RCOC** | $47,620 | $58,211.57 | $105,831.57 |
| **RCRC** | $47,620 | $5,048.43 | $52,668.43 |
| **SARC** | $47,620 | $48,010.23 | $95,630.23 |
| **SCLARC** | $47,620 | $68,730.52 | $116,350.52 |
| **SDRC** | $47,620 | $98,319.00 | $145,939.00 |
| **SGPRC** | $47,620 | $45,331.39 | $92,951.39 |
| **TCRC** | $47,620 | $34,611.83 | $82,231.83 |
| **VMRC** | $47,620 | $43,363.00 | $90,983.00 |
| **WRC** | $47,620 | $28,238.61 | $75,858.61 |
| **KABUUAN** | **$1,000,020** | **$1,039,989** | **$2,040,009** |

* Dapat magasta ang mga pondo bago lumampas ng Marso 2026.

** Ang pinagmulan ng impormasyong ito ay ang **Client Master File**, ang pangunahing pinagmumulan ng impormasyon sa katayuan ng kaso ng mga taong nag-apply para sa mga serbisyong pinondohan ng Departamento pati na rin ang mga aktibong pinaglilingkuran para sa Mayo 2022.